## MGA DAPAT TANDAAN

Ang **demand at supply** ay isa sa mga pangunahing dahilan ng paggalaw ng presyo ng mga bilihin. Upang matukoy ang presyo at bilang ng produkto at serbisyo, tinitignan ang ugnayan ng mga namimili at nagbebenta sa merkado.

### LAW OF DEMAND




Ang quantity demanded ay tumutukoy sa dami ng produkto o serbisyo na nais at kayang bilhin ng mga namimili.

Ayon sa Law of Demand, bumababa ang demand kapag tumataas ang presyo. Gayundin, tumataas ang demand kapag bumababa ang presyo. Ang quantity demanded sa merkado ay ang kabuuang dami ng demand ng mga namimili sa bawat presyo.

### LAW OF SUPPLY




Ang quantity supplied ay tumutukoy sa dami ng produkto at serbisyo na nais at kayang ibenta ng mga producers.

Ayon sa Law of Supply, dumadami ang supply ng mga produkto kapag mataas ang presyo, samantalang mas kokonti naman ang napo-produce kapag bumababa ang presyo. Nakadepende and supply ng mga quantity sellers sa presyo ng mga produkto.

Ilan sa mga nakaaapekto sa demand ay income, prices of related goods, preferences, expectations, at bilang ng mga buyers. Sa supply, nakakaapekto naman ang presyo ng mga raw materials at labor cost, paggamit ng teknolohiya, expectations, at bilang ng mga nagbebenta.



**Sundan sina**



EKO & MIYA

**sa social media para madagdagan ang kaalaman tungkol sa ekonomiya.**

PAMBANSANG PANGASIWAAN SA KABUHAYAN AT PAGPAPAUNLAD
REPUBLIKA NG PILIPINAS

www.neda.gov.ph
@NEDAhq
/AmbisyonNatin2040
/NEDAhq

EKO & MIYA

*presents*

# Demand and Supply





Kuya, magkano po dito sa buko juice?
Sampu isang baso.
Aba! Nung isang araw kinse pesos `yan ah. Ang swerte ko naman!
Ang bait mo kuya.
Oo, mabait talaga ako pero hindi `yan ang dahilan kung bakit bumaba ang presyo.
Dahil ito sa...
LAW OF SUPPLY AND DEMAND
Kelan `yan pumasa sa Senado?
Hay naku. Ibang klaseng `law' `yan.
Ganito `yan: kapag marami ang supply ng buko at pareho lang ang bilang ng taong pwedeng pagbentahan (demand), magbababa ako ng price para mas maraming bumili (at maubos ang tinda ko).
Price
P1
P2
P3
Demand Curve
Q1 Q2 Q3
Quantity Demanded
Law of Demand
Law of Supply
Price
P1
P2
P3
Supply Curve
Q1 Q2 Q3
Quantity Supplied
Kabaligtaran naman kapag kaunti ang supply: magtataas ako ng price para pareho pa rin ang kita ko kahit steady lang ang demand.
Eh kuya, paano kung `yung demand naman ang magbago?
Ganun pa rin, mag-aadjust ako ng price para ma-maintain ko ang kita ko.
Kung mababa ang demand ay magbababa ako ng presyo.
Kung mataas naman ang demand ay pwede akong magtaas ng presyo para ma-maximize ito.
Pwede po ba kayong magtaas ng presyo nang walang dahilan?
Pwede. Pero mababawasan ang bibili. Magtataas ako ng presyo nang walang pagbabago sa supply or demand kung may ibang factor na pumasok, tulad ng pagtaas ng cost of production.
Pero ibang usapan na `yun.
Para madagdagan ang kaalaman tungkol sa ekonomiya,
sundan sina Eko at Miya sa
AmbisyonNatin2040